Minamahal na Mambabasa,

Layunin ng polyetong na ipakilala sa iyo ang Croatia at gawing mas madali ang iyong paghahanap ng trabaho o ang una mong pagpasok sa aming bansa. Nagpapakita ito ng maikling pangkalahatang ideya sa buhay sa Croatia at ang mga prosesong administratibo na iyong makakaharap kapag nakikipag-ugnayan sa mga awtoridad at institusyon. Kung kailangan mo ng mas detalyadong impormasyon sa isang partikular na paksa, o kailangan mong tingnan ang impormasyon na maaaring magbabago sa paglaon ng panahon, lubos naming inirerekomenda na bisitahin mo ang seksyong Pagtira at Pagtatrabaho sa portal ng EURES sa eures.europa.eu at mga website ng mga kaugnay na awtoridad.

Umaasa kaming makakatulong sa iyo ang ang polyetong ito upang malaman mo ang paraan ng pamumuhay sa Croatia upang maaari kang “makasabay” sa minsan ay komplikadong prosesong administratibo. Kung kailangan mo ng karagdagang suporta pagkatapos mong dumating sa bansa, huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa amin.

Ang iyong EURES Croata team

MAHAHALAGANG NUMERO NG TELEPONO

Internasyonal na code ng bansa para sa Croatia: +385

Ambulansiya: 194

Bumbero: 193

Pulisya: 192

Pambansang Sentro sa Paghahanap at Pagliligtas sa Dagat: 195

Natatanging pambansang numero para sa lahat ng sitwasyong emergency: 112

Pangkalahatang Impomasyon: 18981

Impormasyon sa mga lokal na numero at numero sa pagitan ng lungsod: 11880;11888

Impormasyon sa mga internasyonal na numero: 11802

Kondisyon ng kalsada at lagay ng panahon: 072 777 777

Tulong sa sasakyan sa gilid ng kalsada: 1987

Kapag tumatawag mula sa ibang bansa at gamit ang mobile, tumawag sa +385 1 1987

Opsiyal na Pangalan: Republika ng Croatia

Kabisera: Zagreb

Lawak: Lupa 56,594 km², baybayin (katubigan sa lupa at teritoryo) 31,067 km²

Mga karatig bansa at haba ng hangganan:

Slovenia 668 km

Hungary 355 km

Serbia 318 km

Bosnia and Herzegovina 1,011 km

Montenegro 23 km

Haba ng baybayin: Pangunahing lupain 1,777 km, mga isla 4,058 km

Pinakamataas na bundok: Dinara 1,831 m

Wika: Croatian

Populasyon: (Opisyal na pagtataya sa 2021) 3,871,833

Pinakamalalaking lungsod: (2011 census) Zagreb 767,131

Split 160,577

Rijeka 107,964

Osijek 96,313

Sistemang politikal: Unitaryong demokratikong parliyamentong republika

Pinuno ng estado: Presidente ng Republika

Sinalihang mga internasyonal na organisasyon:

United Nations mula 1992

NATO mula 2009

European Union mula 2013

Salapi Euro (EUR)

Araw ng Pagiging Estado Mayo 30

Internasyonal na code ng bansa: HR

Prefix ng telepono: 385

Domain ng internet: .hr

Time zone: UTC+1

Croatia: pangkalahatang-ideya

Ang Croatia ay nasa kasalukuyang pandaigdigang politikal na eksena na sa loob ng humigit-kumulang na tatlong dekada, ngunit sa larangan ng kasaysayan at kultura, isa ito sa pinakamatandang bansa sa Europa. Tinukoy ang heopolitkal na sitwasyon ng Croatia ng pagsasanib at impluwensiya ng iba't ibang etniko, relihiyoso, ekonomiko at politikal na salik, kaya karaniwan itong tinutukoy ng mga awtor bilang Gitnang Europeo at Mediterranean. Tinatamasa ng Croatia ang karaniwan at katamtamang klima, na may apat na malinaw na tanda na mga panahon. Pangunahing tinutukoy ang pagkakaiba sa lokal na klima ng pagkakaiba ng taas at lapit sa Adriatic Sea.

Ang Croatia ay may lawak na 56,594 km², ito ang ika-19 na pinakamalaking bansa sa European Union, sa pagitan ng Latvia at Slovakia. May tinatayang populasyon ang Croatia na humigit-kumulang na 4 milyon (3.9 milyon noong 2021 nang maganap ang census), pang-20 ang Crotia sa European Union, sa pagitan ng Ireland at Lithuania. Tinatayang 60% ng mga Croatian ay nakatira sa mga sentrong urban na umookupa sa 15% ng teritoryo ng bansa, at mula rito, isa sa apat ay nakatira sa kabisera, sa Zagreb.

Kung isasaalang-alang ang lawak ng bansa at ang bilang ng nakatira rito, na may 1,000 km ng mga modernong highway na binuo noong nakaraang 20 taon, ang Croatia at nangunguna sa mga bansa sa Timog-silangang Europa sa usapin ng mga highway, at nangunguna sa karamihan sa ibang kasaping estado sa European Union.

Isa sa pinakamahalagang sangay ng ekonomiya ang turismo. Malaki ang kita ng aktibidad ng turismo sa mga rehiyong baybayin sa panahon ng tag-araw, na nagtatagal mula Hunyo hanggang katapusan ng Setyembre. Pinakamataas ang turnover mula sa maliliit at may katamtamang laki na mga kompanya, ngunit ang malalaking kompanya pa rin ang may pinakamaraming empleyado.

Iniisip mo bang tumira at magtrabaho sa Croatia? Narito ang ilang impormasyon para makapagsimula ka.

Kailangan ko bang magrehistro? Proseso ng pagpaparehistro at permit sa paninirahan

Kung mamamayan ka ng isang bansang kasapi ng EEA o Switzerland, may karapatan kang manatili sa Republika ng Croatia nang hanggang tatlong buwan kung mayroong kang balidong pasaporte o identity card.

Kung gusto mong manatili nang higit sa 3 buwan, kailangan mong mag-report bilang pansamantalang residente sa pinakamalapit na awtoridad ng pulisya at mag-apply bilang isang residente nang hindi hihigit sa walong araw pagkatapos mag-expire and iyong tatlong buwang pananatili.

Dapat kasama sa iyong aplikasyon ang kopya ng balidong identity card o pasaporte na patutunayan ng opisyal sa pamamagitan ng pagsuri sa orihinal. Kung natugunan ang kondisyon (ibig sabihin, naipakita mo na kaya mong suportahan ang iyong sarili at mayroon kang insurance sa kalusugan), agad kang bibigyan ng pulis ng sertipiko ng rehistrasyon sa anyo ng isang biometric residence card na may bisa na hanggang limang taon.

Kapag nakapagrehistro ka na para sa paninirahan, bibigyan ka ng isang numero ng personal na pagkakakilanlan (OIB). Maaari ring ibigay ang OIB bago ang iyong pagpaparehistro ng paninirahan. Maaari kang direktang humiling ng OIB mula sa Administrasyon ng Buwis sa lungsod kung saan ka naninirahan.

Bukod sa OIB, maaaring kailangan mo ng address sa Croatia para makuha ang mga benepisyo ng iba’t ibang serbisyo publiko. Ibinibigay ang isang sertipiko ng address ng lokal na estasyon/awtoridad ng Pulisya. Sa ilang kaso, maaaring sapat na ang ibang paraan ng pagpapatunay ng address (hal. pagpaparehistro para sa layunin ng turista gamit ang e-visitor application).

Maaaring makuha ang karapatan sa permanenteng paninirahan pagkatapos ng limang taon ng tuloy-tuloy na legal na paninirahan sa Republika ng Croatia.

May karapatan ba akong tumira at magtrabaho sa Croatia?

Ang malayang paggalaw ng mga manggagawa ay isang pangunahing karapatan ng mga Kasaping Bansa ng European Economic Area (EEA). Pinapahintulutan nito ang mga mamamayan ng isang bansa sa EEA na magtrabaho sa ibang bansa ng EEA nang may parehong kondisyon na tulad ng sa mamamayan ng Kasaping Bansa, kaya't hindi kinakailangan ang mga permit sa pagtatrabaho sa Croatia para sa mga mamamayan ng EEA at Switzerland.

Walang pagbabawal para sa mga negosyante / kompanya / mangangalakal mula sa ibang bansa na gustong magsagawa ng kanilang aktibidad sa Croatia.

Paano kung mamamayan ako ng isang third country (hindi EU)?
Upang tumira at makapagtrabaho sa Croatia, ang mga mamamayang ng ikatlong bansa (hindi EU) ay kailangang magkaroon ng permit sa paninirahan at pagtatrabaho.

Maaaring manatili sa Republika ng Croatia ang mga mamamayan ng third country ng:

- hanggang sa 90 araw sa anumang 180 araw na yugto – panandaliang pananatili
- hanggang isang taon – pansamantalang pananatili
- pangmatagalan – pagkatapos ng 5 taon ng pansamantalang pananatili
- permanente -- pagkatapos ng 3 hanggang 5 taon ng pansamantalang pananatili

Ang isang panandaliang pananatili ay ang pananatili ng mga mamamayan ng third country na tinukoy ng Article ng 6 ng Schengen Borders Code (Regulation (EU) 2016/399 ng ika-9 ng Marso 2016).

Ang isang kinakailangan bago makapag-apply para sa permit sa paninirahan at pagtatrabaho ay ang isang alok ng pagtatrabaho mula sa isang employer na Croatian para sa posisyon na hindi maaaring punan ng mga mamamayan ng Croatia, o ng mamamayan ng EU/EEA o mamamayan ng third country na may karapatang manirahan sa Croatia. Ang mga mamanayan ng third country na may mataas na kasanayan ay may pagkakataong mag-apply para sa tinatawag na „EU Blue Card“, isang permit sa paninirahan at pagtatrabaho na maaaring ibigay sa yugto ng dalawang taon. Maaaring mag-apply sa mga diplomatikong misyon ng Croatia sa ibang bansa o sa awtoridad/estasyon ng pulisya sa lugar ng trabaho/tirahan sa Croatia.

Bago mag-apply para sa isang permit sa paninirahan at pagtatrabaho, dapat munang suriin ng employer na gustong gumamit ng dayuhang manggagawa kung posible bang gumamit ng manggagawa mula sa labor market ng Republika ng Croatia – pamamaraan ng *pagsubok sa labor market*. Kung nais ng employer na gumamit ng dayuhang manggagawa (hindi EU) sa trabaho kung saan nakatanggap siya ng positibong abiso ng pagsubok sa labor market, dapat siyang magpasa ng aplikasyon para sa permit sa paninirahan / pagtatrabaho sa Ministry of Interior.

Ministry of Interior: mup.gov.hr
Ministry of Foreign Affairs: mvep.gov.hr

Checklist bago at pagkatapos mong dumating sa bansa

Bago dumating sa Croatia, iminumungkahi naming alamin mo ang lahat tungkol sa bansa at kondisyon sa paninirahan at pagtatrabaho hangga't maaari. Maaari mo itong gawin sa portal ng EURES ec.europa.eu/eures/ .

Bagamat maraming mamamayan ng Croatia ang kayang magsalita ng ibang wika (kadalasang Ingles, ngunit sa ibang lugar ay medyo karaniwan ang German at Italian), mas mabuting magkaroon ng pangunahing kaalaman sa wikang Croatian at maging handang patuloy na matuto. Iminumungkahi rin naming maghanap ng pansamantalang tirahan bago ang iyong pagdating, kahit na pansamantala lamang ito.

Tiyaking dalhin ang mahahalagang dokumento: dokumento sa pagkakakilanlan (identity card at/o pasaporte), lisensiya sa pagmamaneho kung mayroon ka, at iba pang opisyal na dokumento na maaaring kailangan mo (hal. sertipiko ng kapanganakan, sertipiko ng kasal, diploma, iba pang sertipiko). Kung hindi multilingual ang mga dokumento, maaari mo itong ipasalin sa iyong pinagmulang bansa o sa isang tagasalin sa korte sa iyong pagdating.

Huwag kalimutan ang iyong European Health Insurance Card (makukuha sa iyong bansa). Kung may sakit ka, o umiinom ng inireresetang gamot, dalhin rin ang iyong medikal na rekord.

Kung gusto mong gamitin ang iyong naililipat na karapatan sa social security (hal. benepisyo sa kawalan ng trabaho), tiyaking dalhin ang naaayong portable na dokumento (tingnan ang kabanata sa *Social security at insurance* sa ibaba) mula sa kaugnay na awtoridad sa bansang iyong pinagmulan.

Ang pambansang salapi ay euro, at maaaring magpapalit ng pera sa airport at iba pang opisina sa pagpapalit ng salapi sa buong bansa. Karaniwan ang pagbabayad ng credit o debit card sa karamihan sa mga tindahan.

Kailangan mo ng isang Numero sa Personal na Pagkakakilanlan (OIB) (tingnan ang: *Proseso ng pagpaparehistro at mga permit sa paninirahan* sa itaas) para makapagbukas ng account sa bangko at makapagrehistro bilang user ng mga serbisyo sa telekomunikasyon hal. para bumili/gumamit ng mobile phone.

Bago magsimulang magtrabaho, mahalagang makakuha ng card sa buwis mula sa Administrasyon ng Buwis sa iyong lugar ng tirahan sa Croatia. Dapat ibigay ang card sa buwis sa employer sa pagsisimula ng trabaho.

Paghahanap ng Trabaho

Paano ako magpapatala bilang isang naghahanap ng trabaho?

Upang makapagrehistro bilang naghahanap ng trabaho sa Serbisyo sa Pagtatabaho ng Croatia, kailangan mo ng numero ng personal na pagkakakilanlan (OIB), isang balidong dokumento ng pagkakakilanlan mula sa iyong bansang pinagmulan (isang ID card o pasaporte) at kumpirmasyon ng address na tinutuluyan sa Croatia. Kung gusto mong ilipat ang mga benepisyo sa kawalan ng trabaho mula sa iyong bansang pinagmulan, makipag-usap sa opisina ng pagtatrabaho bago ang iyong pag-alis upang makuha ang lahat ng kinakailangang impormasyon tungkol sa iyong karapatan at obligasyon, at para makuha ang portable na dokumentong U2, na kailangan mo para mailipat ang benepisyo sa kawalan ng trabaho mula sa iyong pinagmulang bansa upang makapaghanap ng trabaho sa Croatia.

Numero ng Personal na Pagkakakilanlan: porezna-uprava.hr
Serbisyo sa Pagtatrabaho ng Croatia hzz.hr

Paano ako maghahanap ng trabaho?

Pangunahing pinagmumulan ng impormasyon ang mga portal ng Serbisyo sa Pagtatrabaho ng Croatia at mga pribadong portal sa paghahanap ng trabaho tungkol sa mga bakanteng trabaho, kasama ang mga sariling website ng mga kompanya at website ng mga propesyonal na organisasyon, diyaryo at mga propesyonal na journal. Dapat ilathala ang mga trabaho sa pampublikong sektor Official Gazette. Sa mas maliliit na komunidad, madalas na ipinapaalam ang mga bakanteng trabaho sa mga istasyon ng radyo.

Marami sa malalaking employer ang gumagamit ng mga form sa aplikasyon sa kanilang website upang makalikha ng isang database ng mga maaaring kandidato sa trabaho para sa mga bakante sa hinaharap. Ang maliliit na pribadong employer ay gumagamit ng mga pribadong paraan at rekomendasyon bukod pa sa mga inilathalang patalastas upang maabot ang pinakamahuhusay na kandidato sa trabaho. Hindi kakaiba para sa mga employer na ipaalam ang kanilang bakanteng trabaho sa mga pahina ng social media, na hinihiling sa kanilang mga tagasunod na i-share ang impormasyon. Mangyaring maging maingat at tingnan kung mapagkakatiwalaan ang mga alok na inilalathala sa ganoong paraan.

Ang mga pribadong ahensiya para sa mga kaswal at pansamantalang trabaho ay nagbibigay ng pagkakataong mag-enroll sa kanilang database. Pipirma ang isang manggagawa ng kontrata sa pagtatrabaho sa ahensiya, na nagtatalaga sa manggagawa na magsagawa ng gawain para sa employer na may pansamantalang pangangailangan ng karagdagang kawani.

EURES: eures.europa.eu
Portal sa trabaho ng Serbisyo sa Pagtatrabaho ng Croatia: burzarada.hzz.hr
Moj posao: moj-posao.net

Paano ako mag-aapply ng trabaho?

Ang paraan ng aplikasyon ay nakalahad sa bawat patalastas ng trabaho. Dapat gawin ang CV ayon sa tamang pagkakasunod-sunod at nagtataglay ng personal na detalye at detalye sa pakikipag-ugnayan (pangalan at apelyido, petsa ng kapanganakan, address, numero ng telepono, email address, atbp.), pormal na edukasyon, karagdagang kakayahan at karanasan sa trabaho, interes at libangan. Dapat itong naka-type sa kompyuter sa wikang Croatian maliban kung hiniling, at hindi palaging kailangan na mayroong litrato. Hindi kinakailangan ang mga reference mula sa dating employer ngunit mabuti na isama ito kung maaari.

Para sa mga trabaho sa pampublikong sektor, ang aplikasyon ay dapat may kasamang CV, patunay ng kwalipikasyon at kakayahan (sertipiko, diploma), sertipiko ng walang kriminal na hatol, patunay ng pagkamamayan at paninirahan at iba pang kinakailangang dokumento.

Karaniwang humihingi ang mga pribadong employer ng aplikasyon sa e-mail, na dapat may kasamanag CV, at minsan, mga dokumento tulad ng diploma, sertipiko ng propesyonal na pagsusulit at iba pa depende sa ispesipikong binanggit sa post. Minsan ay kailangan ang online na aplikasyon sa pamamagitan ng website ng kompanya at hindi tatanggapin ang iba pang form ng aplikasyon, habang ang ilang employer, kadalasang maliliit na employer, ay pinapayagan ang pag-aapply sa telepono.

Kadalasang tinatanggap ang mga hindi hininging aplikasyon. Gayumpaman, iminumungkahi na isama ang CV at liham aplikasyon na may patunay ng kwalipikasyon at kakayahan, at maging mga reference o detalye sa pakikipag-ugnayan ng mga taong maaaring magkapagbigay nito, kung mayroon.

Ang aplikasyon ay kailangang iayon sa bawat employer na iyong tinutugunan, at dapat itampok sa CV ang mga kakayahan o karanasan na kaugnay sa posisyon na inaaplyan. Kadalasang hindi katanggap-tanggap ang pakikipag-ugnayan sa isang employer sa paraang taliwas sa binanggit sa patalastas (hal. sa telepono sa halip na e-mail, sa e-mail sa halip na karaniwang liham sa koreo, atbp) at maaaring makaapekto sa resulta ng iyong applikasyon.

Bago ang iyong panayam sa isang employer, mainam na alamin pa ang tungkol sa kanilang negosyo, istruktura ng pagtatrabaho, patakaran sa pananamit, at iba pang aspeto na maaaring makatulong na magkaroon ng pinakamahusay na impresyon sa panayam. Tiyak na makakaapekto ang kawalan ng sigla, pagka-late at hind masinop na hitsura at pananamit sa desisyon ng tagapanayam kung magpapatuloy sa iyong aplikasyon o hindi.

Anong uri ng mga kontrata ang posible?

Karaniwang inaalok ang kontrata para sa full-time na trabaho para sa hindi tiyak na panahon. Maaaring ialok ang mga kontrata sa trabaho na may tiyak na panahon dahil sa pansamantalang pagdamit ng trabaho o para palitan ang mga manggagawang hindi pumasok, ngunit sa ilang natatanging kaso ang mga kontratang ito ay maaaring magpatuloy sa panahon na higit sa tatlong taon. Tiuntukoy na kontrata ang panahon ng probasyon o pagsubok ngunit hindi maaaring maging lumagpas sa anim na buwan. Ang isang manggagawa na nakakontrata sa part-time na pagtatrabaho sa isang employer ay maaaring makipagkotrata sa iba pang dalawa o higit pang employer hanggang sa maging full time ang kabuuan.

Kabilang sa pana-panahong trabaho ay madalas na nasa hospitality at turismo (karaniwan sa rehiyon ng Adriatic), agrikultura, kalakalan at industriya ng pagkain.

Kabilang sa self-employment ang mga aktibidad sa paglikha at kalakal, malayang propesyon at agrikultura at paggugubat.

Sa kaso ng kawalang trabaho sa pamamagitan ng ahensiya sa kaswal o pansamantalang trabaho, pipirma ng kontrata ang isang manggagawa sa ahensiya sa loob ng tiyak o hindi tiyak na panahon, at isasapinal ng ahensiya ang kasunduan sa isang employer tungkol sa manggagawa para sa yugto na hanggang isang taon. Kung sumang-ayon ang ahensiya sa isang kontrata na hindi tiyak ang tagal sa isang manggagawa, kinakailangang bayaran ang manggagawa sa yugto na hindi siya nagtatrabaho, sa halaga ng bayad sa karaniwang manggagawa sa nakaraang tatlong buwan.

Dapat naglalaman ang isang kontrata sa pagtatrabaho ng mga kinakailangang kondisyon at hindi bababa sa impormasyon ng:

- mga partido at kanilang tirahan
- lugar ng trabaho
- titulo ng trabaho o maikling listahan o paglalarawan ng tungkulin
- petsa ng pagsisimula ng trabaho
- inaasahang tagal ng kontrata sa kaso ng trabaho na tiyak na panahon
- tagal ng taunang bakasyon o paraan ng pagtukoy ng tagal ng taunang bakasyon
- panahon ng abiso o paraan ng pagtukoy ng panahon ng abiso
- pangunahing sweldo, karagdagang sweldo at panahon ng pagbabayad ng sweldo
- tagal ng normal na araw o linggo ng trabaho

Ano ang dapat kong gawin kung self-employed ako?

Maaari mong iparehistro ang iyong sariling negosyo bilang isang self-employed na aktibidad (pangangalakal, malayang propesyon, agrikultural and paggugubat) o bilang isang kompanya.

Ang isang kalakal ay maaaring malaya, lisensiyado o may pribilehiyo (ibig sabihin, isang kalakal kung saan kailangan mo ng ispesyal na permiso mula sa nauukol na konseho hal. barkong pangisda, pagtatrababaho sa minahan, personal na proteksyon - bodyguard). Upang makapag-set up ng isang lisensiyadong negosyo, dapat may sapat kang kwalipikasyon, o may empleyado sa mga trabahong ito na mayroong kinakailangang kwalipikasyon.

Kabilang sa malalayang propesyon ang mga manggagawang pangkalusugan, beterinaryo, abogado, notaryo, auditor, inhinyero, arkitekto, tagapayo sa buwis, tagapamahala ng pagkabangkarote, tagasalin, manggagawa sa turismo, siyentista, manunulat, imbentor, mamamayahag, artista, atleta, atbp.

Walang mga kwalipikasyon o ispesyal na pagsusulit na kinakailangan para magtayo ng kompanya sa pakikipagkalakalan.

Ang mga lokal at dayuhang kompanya na nakikipagkalakalan sa ilalim ng parehong kondisyon, at ang isang dayuhang imbestor ay maaaring magtakda o lumahok sa pagtatatag ng isang kompanya at makakuha ng karapatan at/o obligasyon sa ilalim na parehong kondisyon tulad ng sinumang lokal na imbestor.

Magkano ang inaasahan kong sweldo?

Ang pinakamababang sweldo ay ang pinakamababang buwanang gross na sweldo na nararapat na matanggap para sa full time na pagtatrabaho at isang karapatan para sa lahat ng manggagawa na nagtatrabaho sa Republika ng Croatia. Ang lebel na ito ay itinatakda bawat taon at ang inilalathala ito ng Sentral na Opisina ng Estadistika ay inilalathala ito sa Official Gazette.

Ang pinakamababang gross na sweldo mula Enero 1, 2023 sa Republika ng Croatia ay 700.00 EUR bawat buwan.

Maaaring itakda ang paraan ng pagtukoy ng sweldo ng mga kolektibong kasunduan, regulasyon sa pagtatrabaho at indibidwal na kontrata sa pagtatrabaho. Maaaring mag-alok ang isang kontrata sa pagtatrabaho ng mas mainam ngunit hindi mas mababang sahod kumpara sa binanggit ng kolektibong kasunduan o regulasyon sa trabaho. Sa anumang kaso, dapat bayaran ng employer ang empleyado ng naaangkop na sweldo at sa ilalim ng parehong kondisyon para sa kapwa kasarian.

Binabayad ang sweldo kada buwan pagkatapos na makumpleto ang trabaho, at hindi lalampas sa ikalabinglimang araw ng susunod na buwan, at karaniwang ibinabayad sa account sa bangko ng manggagawa.

Para sa mahirap na kondisyon sa pagtatrabaho, kasama ang overtime at pagtatrabho sa gabi, at pagtatrabaho kapag Linggo at iba pang araw na ibinibigay ng batas para sa pahinga, ang manggagawa ay karapat-dapat para sa dagdag na bayad.

Isang karaniwang kasanayan para sa mga manggagawa na makakuha ng taunang 0.5% na dagdag suweldo bawat taon ng pagtatabaho (kadalasan ay itinatakda ng kolektibong kasunduan). May ilang employer na nagdaragdag ng panggastos sa transportasyon (hindi nabubuwisan) sa sweldo, at maging iba pang hindi nabubuwisang panggastos para sa iba’t ibang layunin.

Dapat magbigay ang employer ng kalkulasyon na nagpapakita kung paano tinukoy ang mga halagang ito sa loob ng labinglimang araw ng pagbayad ng sweldo, benepisyo, o bayad sa pakakatanggal sa trabaho. Kinakalkula ng employer ang mga kontribusyon mula sa sweldo at sa mga sweldo, at natatanggap ng manggagawa ang net na halaga pagkatapos ng lahat ng kaltas.

Opisina ng Estadistika ng Croatia: dzs.hr

Ilang oras ang inaasahan na magtatrabaho ako at anong mga leave ang may karapatan ako?

Ayon sa Batas sa Paggawa, ang maximum na oras ng pagtatrabaho sa isang linggo ay 40 oras. Para sa anumang trabaho na anim o higit pang oras sa isang araw, kinakailangan ang pahinga na hindi bababa sa 30 minuto at dapat isama sa oras ng pagtatrabaho.

Hindi maaaring lumampas sa anim na araw ang linggo ng pagtatrabaho. Gayumpaman, hindi tinukoy ng batas ang bilang ng araw na maaaring bumuo ng isang linggo ng trabaho, hal. Hindi nilinaw kung ang isang linggo ng trabaho ay lima o anim na araw.

Hindi maaaring lumampas sa 12 oras ang maximum na oras ng trabaho sa isang araw para sa lahat ng aktibidad ng trabaho, maliban sa pana-panahong aktibidad na nagpapahintulot sa maximum na 14 oras sa isang araw.

Kapag mayroong makatwirang dahilan, maaaring mag-overtime sa trabaho ang isang manggagawa ayon sa hiling ng employer, ngunit hindi ito maaaring humigit sa walong oras sa isang linggo, 32 oras

bawat buwan, o 180 oras sa isang taon. Mas mataas ang bayad sa overtime o maaari kang mag-day off bilang kabayaran.

Ang yugto ng pahinga araw-araw ay hindi dapat bumaba sa tuloy-tuloy na 12 oras. May ilang pagtatangi para sa mga manggagawa sa mga pana-panahong trabaho, na ang araw-araw na pahinga ay hindi bumababa sa tuloy-tuloy na yugto na sampung oras, at dapat bayaran kada walong araw ang pagkakaiba.

Ang mga manggagawa ay nararapat sa isang panahon ng tuloy-tuloy na panahon ng pahinga na hindi bababa sa dalawampu't apat na oras. Karaniwan itong ginagamit kapag Linggo, bago ang araw na ito o pagkatapos na araw na ito.

Karapat-dapat ang mga empleyado para sa may bayad na taunang leave na hindi bababa sa apat na linggo sa isang taon ng kalendaryo. Maaaring tukuyin ang mas mahabang taunang leave sa isang kolektibong kasunduan, regulasyon sa trabaho o kontrata sa pagtatrabaho. Hindi kasama sa taunang leave ang mga pampublikong holiday.

Sa isang taon ng kalendaryo, karapat-dapat ang isang manggagawa para sa may bayad na leave na hanggang pitong araw para sa mahalagang personal na kinakailangan (kasal, panganganak ng asawa, malubhang sakit o pagkamatay ng isang malapit na kapamilya. Maaaring itakda ang mas mahabang yugto ng may bayad na leave sa kolektibong kasunduan, regulasyon sa trabaho o alituntunin sa trabaho. Maaaring ibigay ng isang employer ang kahilingan ng isang manggagawa ng walang bayad na leave, kung saan suspendido ang karapatan at obligasyon mula sa trabaho.

Anong mangyayari kung natapos ang aking kontrata sa pagtatrabaho?

Ang kontrata sa pagtatrabaho na may tiyak na panahon ay nagtatapos sa pag-expire ng pinagkasunduang panahon, at sa ilalim ng ilang kondisyon ay maaaring kanselahin bago ang terminong ito. Ang isang kontrata ay maaaring wakasan ng manggagawa o ng employer o maaari silang magtakda ng kasunduan tungkol rito.

Dapat nakasulat na gawin ang isang kasunduan na wakasan ang isang kontrata sa pagtatrabaho, na naaayon rin sa ilang anyo ng kanselasyon ng kontrata sa pagtatrabaho. Sa loob ng labinglimang araw mula sa petsa ng pagwawakas ng trabaho, dapat ibalik ng employer ang lahat ng personal na dokumento sa empleyado, bigyan siya ng kopya ng kanselasyonn ng kinakailangang pensyon at insurance sa kalusugan at bigyan ang manggagawa ng sertipikasyon ng uri ng trabaho na kanyang ginagawa habang nagtatrabaho. Ang sertipiko ay hindi dapat magtukoy ng anumang bagay na magdudulot ng kahirapan na makakuha ng bagong kontrata sa pagtatrabaho.

Paano naman ang mga pensyon?

Ang mga pensyon ay maaaring nauugnay sa edad (maaga o kabuuan) o kapansanan (dahil sa propesyonal o lubos na kawalan ng kakayahan sa pagtrabaho). Nakukuha ang pagiging karapat-dapat sa isang *pensyon dahil sa katandaan* sa edad na 65 at may hindi bababa sa 15 taong serbisyo na maaaring bigyan ng pensyon, at nakukuha ang karapatan sa pensyon sa maagang pagreretiro kapag ang may insurance ay umabot sa edad na 60 at 35 taon ng serbisyo na maaaring bigyan ng pensyon.

Upang maging karapat-dapat sa *pensyon sa kapansanan*, dapat tumugon ang isang empleyado sa kondisyon ng kawalan ng kakayahan kasama ang tagal ng serbisyo (maaaring bigyan ang pensyon ang

hindi bababa sa ikatlo ng kanyang buhay pagtatrabaho), na mas nilalarawan ng batas. Kung ang kapansanan ay dulot ng pinsala o sakit na kaugnay sa trabaho, makukuha ang pagiging karapat-dapat sa pensyon sa kapansanan anuman ang tagal ng serbisyo na maaaring bigyan ng pensyon.

Ang kapamilya ng isang namatay na taong may insurance ay maaaring makakuha ng pensyon ng naulila kung natutugunan nila ang mga nabanggit na kondisyon.

Ministry of Labour, Sistema ng Pensyon, Pamilya at Patakarang Panlipunan: mrosp.gov.hr
Institusyon para sa Insurance ng Pensyon ng Croatia: mirovinsko.hr

Social security at insurance

Ano ang mga portable na dokumento?

Kapag naghahanap ng trabaho sa isang Kasaping Estado ng EU maliban sa iyong bansa, maaaring ilipat ng isang mamamayan ng EU / EEA at Switzerland ang ilang karapatan na iyong tinatamasa sa iyong pinagmulang bansa, pangunahin na ang karapatan sa pinansyal na bayad dahil sa kawalan ng trabaho at ang karapatan sa pangangalaga ng kalusugan.

Ang paraan ng paglipat ng karapatan ay sa pamamagitan ng mga portable na dokumento (PD) na ibinibigay ng nauugnay na institusyon sa iyong pinagmulang bansa.

Responsibilidad ng Serbisyo sa Pagtatrabaho ng Croatia ang pag-uugnay ng karapatan sa benepisyo sa kawalan ng trabaho.

Ang mga form ng PDU ay ginagamit para sa layuning ito. Narito ang pinakamahahalaga:

»»PDU1: nagtataglay ng impormasyon sa panahon ng pagtatrabaho ng tumatanggap ng bayad, na nagsisilbi bilang batayan sa pagtukoy sa karapatan sa benepisyo, lebel ng bayad at ang tagal ng karapatang ito.

»»PDU2: ginagamit sa paglipat ng karapatan ng benepisyo sa kawalan ng trabaho na tinatamasa sa isang Kasaping Estado kapag lumipat ng isang Kasaping Estado para maghanap ng trabaho.

Ang karapatan sa pangangalang ng kalusugan ay pinamamahalaan ng Institusyon para sa Insurance ng Kalusugan ng Croatia gamit ang form ng PDS. Para sa mga naglalakbay na manggagawa, ang pinakamahalagang form ay ang PDS1, na nagpapahintulot sa iyo na magrehistro at gamitin ang iyong pagiging karapat-dapat sa pangangalaga sa kalusugan sa bansang iyong pinili na manirahan kahit mayroon kang insurance sa kalusugan sa iyong sariling bansa.

Panlipunang Serguridad ng EU: ec.europa.eu/social

Paninirahan sa Croatia

Paano ako maghahanap ng tirahan?

Ang pinakakaraniwang paraan para sa paghahanap ng ari-ariang uupahan o bibilhin ay sa pamamagitan ng media (hal., portal sa web, diyaryo), ngunit karamihan sa mga ispesyalisadong ahensiya ay namamagitan din sa pagrenta o pagbili ng mga apartment. Ang komisyon ay kadalasan na katumbas ng upa sa isang buwan, at sa pagbili ng isang apartment ay tinatayang 3% ng halaga ng pag-aari. Bukod pa rito, humihiling ang karamihan sa mga may-ari ng deposito na katumbas ng upa sa isang buwan. Hindi karaniwang itinayo ang mga inuupahang apartment para sa intensyong ito, at kadalasang may surplus na pag-aari ang mga may-ari na inilalagay nila sa merkado para kumita. Pinakakaraniwan ang isang taong kontrata, ngunit tinatanggap rin ang mas maikli o mas matagal na panahon ng pag-upa.

Ang buwanang upa, at maging ang gastos sa pagbili ng apartment, ay nag-iiba-iba sa iba't ibang bahagi ng Croatia; pinakamahal sa Zagreb bilang kabisera, at maging sa Split, Dubrovnik, at iba pang sentro ng turismo, habang makakahanap ka ng mas murang tirahan sa mas maliliit na komunidad. Nag-iiba-iba rin ang presyo sa lungsod depende sa edad ng apartment, kung may mga gamit o wala, lokasyon at mga pasilidad malapit dito. Kadalasang hindi kasama sa upa ang mga panlabas na gastos, tulad ng tubig at kuryente.

Para sa pag-upa ng apartment, tinutukoy ng kasunduan sa pag-upa ang mga karapatan at obligasyon ng mga partido at ang panahon na sakop ng kontrata. Ang kontrata ay dapat na notaryado at ang may-ari ay isang nabubuwisang partido.

Para sa pagbili ng apartment, pananagutan ng bumibili ang buwis na nasa 3%. Bago bumili, mahalagang beripikahin na naaayon ang lahat ng dokumentasyon kaugnay ng ari-arian, at nakarehistro ang pag-aari sa rehistrasyon ng lupa, atbp. Ang mga serbisyong ito ay inaalok ng mga ahente ng real estate at mga abogado.

Anong mga buwis ang dapat kong bayaran?

Tinutukoy ng kasalukuyang sistema ng buwis sa Republika ng Croatia ang mga buwis sa bansa: buwis sa tubo, buwis na dagdag sa halaga, ispesyal na buwis, buwis sa kalakal. Mayroon din iba't ibang mga uri ng buwis sa county, lungsod at munisipyo (buwis sa kita at transaksyon sa real estate) at buwis sa pagsusugal. hal. sa loterya, pagtaya, atbp.

Ang pangkalahatang rate ng VAT sa Croatia ay 25%, habang may mas mababang rate ang ilang produkto at serbisyo (13% at 5%).

Nasa ilalim ng buwis ng kita ang self-employed na trabaho at ang mga kumikita ng higit 39,816.84 EUR bawat tao ay dapat sumali sa sistema ng VAT. Lahat ng kompany ay nasa ilalim ng buwis sa tubo na 10% o 18%, depende sa kita.

Binabayaran ang buwis sa sweldo ng 20% o 30% ng tax base, depende sa halaga ng sweldo. Mayroon ding kontribusyon sa pensyon (20%), insurance sa kalusugan (16.5%) at lokal na surtax na 0-18% (depende sa lugar ng tirahan).

Ang average ka buwanang sweldo sa Croatia noong Enero 2023 ay 1,094 EUR, at ang average na buwanang gross na sweldo sa Croatia noong Enero 2023 ay 1,499 EUR.

Mahahanap ang detalyadong impormasyon sa mga buwis, tulong at iksemsyon sa buwis sa website ng Awtoridad ng Buwis: porezna-uprava.hr.

Ano ang gastusin sa pamumuhay?

Ang gastos sa pagkain at inumin (hindi kasama ang mga inuming alkoholiko) ay bumubuo sa ikatlo ng kabuuang gastos sa tahanan sa Croatia, at, kasama ang gastos sa pabahay, ay bumubuo sa higit sa kalahati ng kabuuang gastusin sa pamumuhay. Kasunod nito ang gastos sa transportasyon, damit at sapatos.

Magkakaiba ang presyo ng pagkain depende sa pana-panahon na pagbabago ng supply, lugar kung saan ito binili (palengke, supermarket o maliit na tindahan) at mga ispesyal na alok. Malaki ang pagkakaiba ng presyo sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Ang mga tindahan ng damit ay may pana-panahon na diskwento na 20%-70%, at sa mga nakaraang taon ay mas sumikat ang mga portal ng pagbili nang maramihan kung saan nabibili ng 90% na mas mura ang mga produkto at serbsiyo. Bukas araw-araw ang mga shopping centre, na kadalasan ay mula 09.00 hanggang 21.00, habang ang ibang tindahan ay bukas mula Lunes hanggang Sabado, at mas madalang kapag Linggo.

Karaniwang presyo ng pagkain

Tinapay (loaf, tinatayang 500 g): 0.66 – 1.61€
Gatas (1 litro): 0.77 – 1.33€
Itlog (10): 1.76 – 3.50€
Patatas (1 kg): 0.89 – 2€
Mansanas (1 kg): 0.79 – 1.95€
Croatian Beer (0.05l): 0.93 – 1.99€ sa tindahan / 1.73 – 3.33€ sa bar
Tiket sa sinehan: 4.01 – 7.95€
Pizza sa pizzeria: 5.31 – 13.28€
Hamburger: 2.65 – 10.62€
Presyo ng gasolina: hak.hr/info/cijene-goriva
Presyo ng kuryente: HEPI - Početna
EUROSTAT electricity prices

Ano ang mga available na insurance sa kalusugan?

May tatlong antas ang pangangalaga sa kalusugan na ibinibigay ng mga kinakailangang pampublikong insurance sa kalusugan. Ginagawa ang referral ng paggamot sa pinakamalapit na nakakontratang ospital sa iyong tirahan ng isang doktor na pinili ng pasyente para sa pangunahing pangangalaga (hal. Isang GP, gynecologist, dentista o pediatrician) o isang doktor mula sa serbisyo sa medikal na

emergency. Kapag may medikal na emergency, posible ang naturang paggamot nang walang referral. Ang numero ng telepono ng serbisyo sa medikal na emergency ay 112.

Bilang bahagi ng kinakailangang insurance sa kalusugan, mayroong karapatan sa gamot mula sa listahan ng reimbursement mula sa Pondo sa Insurance sa Kalusugan ng Croatia (HZZO). Ang ilang gamot ay dapat bayaran ng pasyente habang sakop sa saklaw ang gastos ng ibang gamot nang buo. Ang mga gamot na inireseta ng isang doktor (inireresentang gamot), at maging mga gamot na over-the-counter, ay maaaring bilhin sa mga botika.

Ang mga mamamayan ng European Union na maglalakbay papunta ng Croatia, o sa anumang dahilan ay pansamantalang nananatili sa Croatia, at mayroong pampulikong insurance sa kalusugan sa ibang kasaping estado ng EU, ay may karapatan na gamitin ang kinakailangang pangangalaga sa kalusugan ayon sa bisa ng kanilang European Health Insurance Card.

Institusyon para sa Insurance sa Kalusugan ng Croatia: hzzo.hr
Ministry of Health: zdravlje.gov.hr

Paano naman ang edukasyon?

Available ang pag-aaral sa preschool at pangangalaga ng bata para sa mga batang anim na buwan hanggang tamang edad sa pag-aaral sa elementarya.

Tumatagal ang pag-aaral sa elementarya ng walong taon at kinakailangan para sa lahat ng residenteng bata sa Republika ng Croatia anuman ang kanilang pagkamamamayan, kadalasan ay mula anim hanggang labinlimang taon.

Ang pag-aaral sa sekundarya ay kadalasang mula sa pagtatapos ng paaralang elementarya hanggang sa pagiging hustong gulang (pagitan ng 13-15 at 17-19 taong gulang). Depende sa uri ng kurikulum, ang mga paaralang sekundarya ay tinatawag na: gymnasium, paaralang bokasyonal at paaralang sining. Kasama sa sekundaryang edukasyon ay mga ispesyal na programa para sa pagkuha ng diploma sa paaralan ng sekundarya o mababang propesyonal na degree, programa para sa muling pagsasanay at programa sa pagpapaunlad at pagsasanay.

Ang mga institusyon sa mataas na edukasyon ay mga unibersidad na may mga faculty at akademiya sa sining, polytechnic at kolehiyo. Ang pag-aaral sa unibersidad ay may tatlong antas: undergraduate, graduate at postgraduate na pag-aaral.

Ministry of Science and Education: mzo.gov.hr

Paano naman ang kultural at panlipunang pamumuhay?

Ginagamit ng mga Croat ang kanilang oras sa paglilibang sa organisadong paraan, sa mga asosasyon at club, at maging sa hindi pormal na pakikipaghalubilo. Nakalaan ang mga katapusan ng linggo sa mga pagbisita sa mga kamag-anak at kaibigan, o paglabas. Maaaring magpunta sa dagat ang mga residente sa kabisera sa loob ng isa't kalahating oras, habang binibisita ng mga residente ng Adriatic Croatia ang

mga lokasyon malapit sa bundok Lumalabas tuwing gabi ang mga kabataan, sa mga club at bar at mga party sa bahay o biglaang party sa labas, lalo na sa mga buwan ng tag-araw.

Napakaraming mga kaganapang kultural ang nagaganap sa mga malalaking siyudad, kasama ang mga kaganapan sa sports. Nitong mga nakaraang taon, kinilala sa buong daigdig ang mga pagdiriwang sa tag-init. Sa mas maliliit na bayan, walang masyadong isinasagawa na organisadong aktibidad ngunit kahit ang pinakamaliliit na bayan at baryo ay may mga aktibong choir, grupo ng tambura, grupo sa pagkanta, asosasyon ng karnabal, boluntaryo na bumbero, atbp.

Makikita sa oras ng paglilibang ang pagkakaiba-iba ng mga rehiyon sa Croatia. Nag-aambag ang buhay panlipunan sa mga lugar na rural sa pagpapanatili ng mayamang pamanang tradisyonal ng mga Croatian sa pananamit, musika, gawi, at kompetisyon ng mga lumang sports.

Kilala ang mga baybayin at isla ng Adriatic sa mga sports sa tubig at mga tradisyonal na laro tulad ng boules, habang ang pamumundok at sports sa taglamig ang pinakakaraniwan sa kontinente ng Croatia. Pantay na kinakatawan ng pangangaso at pamimingwit ang baybayin at lupa.

Mahalagang bahagi ng kultura at pagkakakilanlan ng Croatia ang pagkain. Pagkakaiba sa klima, malinis na kapaligiran at makasaysayang impluwensiya ay nagresulta sa yaman ng maihahandog na pagkain, mula sa mga pagkaing isda sa baybayin, sa maanghang ng pagkain sa Pannonian Croatia at simple ngunit napakasarap na mga pagkain na matatagpuan sa mga bulubunduking rehiyon, napakaraming panghimagas, alak, at gawa sa bahay na brandy.

Ang damdamin ng komunidad ay lubos na makikita sa sports. Ipinagmamalaki ng Croatia ang mga atleta nito:

Ang manlalaro ng basketball, namayapang si Dražen Petrović, ang mga manlalaro ng football na sina Luka Modrić at Davor Šuker, manlalaro ng tennis na si Goran Ivanišević, ang mga skier na sina Janica at Ivica Kostelić, at ang mga pambansang koponan ng waterpolo and handball. Nang ang nilaro ng pambansang koponan sa football ang isang mahalagang laban, na nanalo ng pilak na medalya sa 2018 FIFA World Cup at tansong medalya sa 2022 FIFA World Cup, hindi na mahalaga ang iba pa.

Isang karaniwang tampok sa buhay sa Croatia ang kultura ng kape. Nagbubukas ang mga bar sa pagputok ng umaga. Sa pamamagitan ng kape, nakikipaghalubilo, nakikipagtransaksyon o tahimik na nagbabasa ng diyaryo ang mga Croatian.

Karaniwan na sa buong Croatia ang pagkakape sa umaga sa araw ng sabado sa sentro ng siyudad.

Like Croatia: likecroatia.com

Simpleng salita at nakatutulong na parirala sa wikang Croatian

Ingles Croatian

Yes Da

No Ne

Hi, bye Bok

Goodbye Doviđenja

Good day Dobar dan

Good morning Dobro jutro

Good evening Dobra večer

Thanks Hvala

Come Dođi

How much / How many Koliko

Pinagmulan: Pambansang Konseho sa Turista ng Croatia

Awtor: Renco Kosinožić

Mga Nakatutulong na Link

Pagtatrabaho

Serbisyo sa pagtatrabaho ng Croatia: hzz.hr

Pampublikong portal sa paghahanap ng trabaho: burzarada.hzz.hr

Moj posao: moj-posao.net

Posao.hr: posao.hr

Adecco: adecco.hr

Trenkwalder: trenkwalder.com/hr

Selectio: selectio.hr

Dekra: dekra-zapo-hr.talentlyft.com/

EUREAXESS Croatia: euraxess.hr

Sentro ng impormasyon at propesyonal na pagpapayo: cisok.hr

Edukasyon at pagsasanay

Portal sa mga paaralan: skole.hr

Ministry of Science and Education: mzo.gov.hr

Ahensya ng Edukasyon at Pagsasanay: azoo.hr

Ahensya para sa Bokasyonal na Edukasyon at Pagsasanay at Edukasyon ng Nasa Hustong Gulang: asoo.hr

Ahensya para sa Agham at Mas Mataas na Edukasyon ng Croatia: azvo.hr

Mag-aral sa Croatia: studyincroatia.hr

Customs at buwis

Administrasyon ng Customs: carina.gov.hr/

Administrasyon ng Buwis: porezna-uprava.hr

Organisasyon ng mga katuwang sa lipunan

Asosasyon ng mga Employer sa Croatia: hup.hr

Unyon ng mga Nagsasariling Unyon sa Paggawa ng Croatia: sssh.hr

Malayang Unyon sa Paggawa ng Croatia: nhs.hr

Asosasyon ng mga Unyon sa Paggawa ng Croatia: matica-sindikata.hr

Asosasyon ng mga Unyon ng Manggagawa ng Croatia: hus.hr

Asosasyon ng mga Unyon ng Manggagawa sa Croatia: ursh.hr

Asosasyong Pang-ekonomiya ng Croatia: hgk.hr

Asosasyon sa Kalakal at Likha ng Croatia: hok.hr

Organisasyong panlipunan at kaugnay na interes

Red Cross ng Croatia: hck.hr

Opisina para sa Karapatang Pantao at Karapatan ng Pambansang Minorya: ljudskaprava.gov.hr

Ombudsperson: ombudsman.hr

Ombudsperson para sa mga Bata: dijete.hr

Ombudsperson para sa May Kapansanan: posi.hr

Ombudsperson para sa Pagkakapantay ng Kasarian: prs.hr

Sentro ng Boluntaryo:

hrvatska.volontira.vcz.hr

Tanggapan ng Karapatang Pantao: kucaljudskihprava.hr

Internasyonal na Organisasyon

UNDP: hdr.undp.org

UNHCR: unhcr.org/hr

UNICEF: unicef.org/croatia

IOM: croatia.iom.int

Media

Jutarnji list: jutarnji.hr

Večernji list: vecernji.hr

Novi list: novilist.hr

Slobodna Dalmacija: slobodnadalmacija.hr

Glas Slavonije: glas-slavonije.hr

Serbisyo publiko, ugnayang pangkalusugan at panlipunan

Opisina ng Estadistika ng Croatia: dzs.hr

Institusyon para sa Insurance sa Pensyon ng Croatia: mirovinsko.hr

Ministry of Labour, Sistema ng Pensyon, Pamilya at Patakarang Panlipunan: mrosp.gov.hr

Institusyon sa Insurance sa Kalusugan ng Croatia: hzzo.hr

Ministry of Health: zdravstvo.gov.hr

Iba pang organisasyon

Ahensya para sa Mobility at Programa ng EU: mobilnost.hr

ENIC-NARIC: enic-naric.net/page-Croatia

Serbisyo sa web, institusyon, ugnayan at konseho ng Europa

EURES: ec.europa.eu/eures/public/language-selection

EUROPASS: europass.hr

EUROPE Direct: europa.eu/european-union/contact/meet-us/croatia_hr

SOLVIT: ec.europa.eu/solvit/index_hr

Enterprise EUROPE Network: een.ec.europa.eu/local-contact-points/hr

Kinatawan ng Komisyon Europeo sa Croatia: ec.europa.eu/croatia

Opisina ng Impormasyon - Parliyamento ng Europa: europarl.europa.eu/croatia

GLOSARYO

Kolektibong Kasunduan

Ang kontratang pinasok ng isang employer o grupo ng mga employer at (mga) unyon na nakikipagnegosasyon sa ngalan ng lahat ng empleyado na kinakatawan ng (mga) unyon. Sa konteksto ng negosyo, kadalasang kabilang sa isang kolektibong kasunduan ang anumang suweldo, oras, benepisyo, alituntunin o kondisyon sa trabaho na kapwa pinagkasunduan.

European Health Insurance Card (EHIC)

Isang libreng card na nagbibigay sa iyo ng access sa mga medikal na kinakailangan at mula sa estadong pangangalaga sa kalusugan sa panahon ng pansamantalang pananatili sa alinman sa 27 bansa sa EU, Iceland, Lichtenstein, Norway at Switzerland, sa ilalim ng parehong kondisyon at sa parehong gastos (libre sa ibang bansa) sa mga taong insured sa bansang iyon.

Ibinibigay ng iyong pambansang provider ng insurance sa kalusugan ang mga card. Para karagdagang impormasyon, bisitahin ang ec.europa.eu/social

Malayang propesyon

Nauugnay sa self-employment. Mga propesyon na kinabibilangan ng manggagawang pangkalusugan, beterinaryo, abogado, notaryo, auditor, inhinyero, arkitekto, tagapayo sa buwis, tagapamahala ng bangkarote, tagasalin, manggagawa sa turismo, siyentista, manunulat, imbentor, mamamayahag, artista, atleta, atbp.

Numero ng Personal na Pagkakakilanlan (OIB)

Isang natatangi at kinakailangang pagkakakilanlan na ginagamit sa buong sistema ng pamamahala sa publiko ng Croatia na itinalaga ng Ministry of Finance - Administrasyon ng Buwis.

Portable na Dokumento

Ibinibigay ang mga portable na dokumento ng kaugnay na institusyon sa social security sa iyong bansa ayon sa iyong kahilingan. Ang bawat dokumento ay tungkol sa indibidwal (maaaring kasama rin ang mga kasapi ng pamilya) at nagtataglay ng kanilang (mga) pangalan at iba pang pagkakakilanlan. Iminumungkahi na humiling ng portable na dokumento bago umalis. Kung hindi mo ito nagawa, direktang kukunin ng institusyon sa bansang iyong paglilipatan ang kinakailangang data mula sa institusyon kung saan ka insured.

Nakadestinong Manggagawa

Isang tao na nagsasagawa ng kanyang trabaho sa pansamantalang panahon sa teritoryo ng isang Kasaping Estado sa EU maliban sa Estado kung saan siya kadalasang nagtatrabaho. Para sa opisyal na kahulugan, tingnan ang: Direktiba sa Pagdestino sa Trabaho (Directive 96/71/EC) at ang bagong Direktiba sa Pagpapatupad na inagkop ng Konseho ng mga Ministro noong Mayo 13 2014.

May Pribilehiyo

Kaugnay sa isang trabaho (tingnan sa ibaba) at sariling empleyo, ang isang may pribilehiyong trabaho ay iyong kailangan mo ng ispesyal na pahintulot mula sa isang Ministeryo o iba pang naaayong na awtoridad, halimbawa, barko sa pangingisda, pagtatrabaho sa minahan, personal na proteksyon (bodyguard) atbp.

Isang kalakal

Kaugnay sa self-employment, ang isang kalakal ay maaaring malaya, lisensiyado, o may pribilehiyo. Upang magtakda ng isang lisensiyadong negosyo, dapat ay may sapat kang kwalipikasyon o isang kwalipikasyon na Master, o mayroong empleyado sa mga trabahong ito na may kinakailangang kwalipikasyon.

Hakbang / yugto ng transisyon

Ang pagpapatupad ng mga pagbabawal ng mga kasaping bansa sa EU sa malayang paggalaw ng mga manggagawa mula sa bagong miyembrong bansa sa EU para sa panahon ng transisyon na hanggang pitong taon pagkatapos nitong sumali sa EU. Maaaring magpasya ang mga indibiwal na pamahalaan ng mga bansa na bahagi na ng EU kung nais nilang ipatupad ang pagbabawal sa mga manggagawa mula sa mga bansang ito, at kung anong uri ng pagbabawal.

Regulasyon sa trabaho

Mga panloob na patakaran na namamayani sa kondisyon sa trabaho na naaayon sa lahat ng empleyado. Ang mga regulasyon sa trabaho ay nasa pagitan ng kolektibong kasunduan at indibidwal na kontrata sa pagtatrabaho. Kung mayroong regulasyon sa trabaho, ang indibidwal na kontrata sa pagtatrabaho ay dapat na alinsunod sa regulasyon sa trabaho (kung mayroon), at kapwa alinsunod sa kolektibong kasunduan (kung mayroon).

MAKIPAG-UGNAYAN SA EURES CROATIA

E-mail: EURES_hr@hzz.hr
I-follow kami sa Facebook: facebook.com/EURESposlovi
I-follow kami sa Instagram: instagram.com/eures_hrvatska
Bisitahin kami online: eures.hzz.hr